What Can I Do If I Am Not Married To My Abuser?
Ano Ang Magagawa Ko Kung Hindi Ako Kasal Sa Umaabuso Sa Akin?

Ang mga hindi kasal at hindi pa abot sa 21 taong gulang na bata na inaabuso ng kanilang magulang na "Citizen" ng Estados Unidos o LPR ay karapat-dapat para sa VAWA. Ang mga magulang ng mga inaabusong bata ay karapat-dapat din para sa VAWA.

Do I Need To See An Immigration Attorney?
Kailangan Ko Bang Makipagusap Sa Abugado Na May Alam Sa Imigrasyon?

Huwag pupunta sa INS habang hindi mo pa nakakausap ang abugado. Kung hindi mo kayang magbayad sa abugado, tawagan ang kublihan para sa mga mag-anak na nag-aaway, mga organisasyon na nagbibigay ng tulong tungkol sa bata o "Na Loio" para humanap ng abugado na puwedeng makatulong sa iyo ng libre o mababa ang bayad.

This project was supported by Award No. 98-VA-GX-0015, awarded by the Office for Victims of Crime, Office of Justice Program, U. S. Department of Justice, through the State of Hawaii Department of the Attorney General and Honolulu Department of the Prosecuting Attorney, Victim Witness Kokua Service.

Please feel free to reproduce as needed!
Gumawa ng Kopya Nito Kung Kailangan!

Tagalog

What Can I Do If I Am An Immigrant In an Abusive Marriage?
ANO ANG MAGAGAWA KO KUNG AKO AY DAYUHAN NA INAABUSO NG ASAWA?

Hawaii Immigrant Justice Center
(formerly Na Loio)

P.O. Box 3950
Honolulu, HI 96812

Phone: (808) 536-8826
Fax: (808) 537-4644
Toll-Free for Neighbor Islands:
1-877-208-8828

(Rev 07/01)

What Is Domestic Violence?
Ano Ang Mga Away Ng Mag-Anak?

Pagaaway ng mag-anak ay nangyayari sa mga tao na magkakilala: ang mag-asawa, nobyo at nobya, mga bakla na magkasama sa bahay, mga kamag-anak na may sapat na gulang, at mga magulang at kanilang anak. Kadalasan, may nasasaktan sa katawan sa pagaaway at kasama din nito ang paggahasa, pagbanta, pagbubukod, o taratuhin ng masama ang damdamin.

What Can I do If I Am A Victim?
Ano Ang Aking Magagawa Kung Ako Ay Isang Biktima?

-Kung ikaw ay nasa panganib, pumunta ka, kasama ang mga anak mo, sa bahay ng kaibigan o sa kublihan para sa mga binugbog na babae.
-Kung ikaw ay nasaktan, pumunta ka agad sa doktor.
- Tumawag sa pulis. Pagaaway ng mag-anak ay bawal sa batas.
- Kumuha ng pagpipigil na utos na ipinapagbawal ang umaabuso sa iyo na kausapin, atakihin, gahasain, o tawagan ka, anak mo, o ibang pamilya mo sa telepono.
- Kung sa isip mo ay may problema ka tungkol sa imigrasyon, tawagan ang abugadong pangimigrasyon. Kung hindi mo kayang magbayad, tawagan mo ang Na Loio para humingi ng tulong.

What Are My Rights If I Am An Immigrant Married To An Abusive U.S. Citizen Or Permanent Resident?
Ano Ang Aking Mga Karapatan Kung Ako Ay Dayuhan Na Ang Napangasawa Ay Umaabusong Mamamayan Ng Estados Unidos O Pirmihang Naninirahan?

Ang sagot sa tanong na ito ay depende kung ikaw ay Mamamayan ng Estados Unidos o Nasyonal, isang "Lawful Permanent Resident" (LPR), o "Conditional Permanent Resident" (CPR), o may ibang kalagayan sa imigrasyon tulad ng estudyanteng galing sa ibang bansa o bisita.

What Can I Do If I Am A United States Citizen Or National?
Ano Ang Magagawa Ko Kung Ako Ay Mamamayan Ng Estados Unidos O Nasyonal?

Kung ikaw ay Mamamayan ng Estados Unidos o Nasyonal (karaniwan isang ipinanganak sa American Samoa), puwede mong makipagdiborsiyo o hiwalayan ang asawa mo ng walang katatakutang konsikuwensiya sa imigrasyon. Ang kalagayan mo sa imigrasyon ay hindi maapektuhan ng diborsiyo.

What Can I Do If I Am A Lawful Permanent Resident?
Ano Ang Magagawa Ko Kung Ako Ay "Lawful Permanent Resident?"

Kung ikaw ay LPR, puwede kang makipagdiborsiyo o iwanan ang asawa mo ng walang katatakutang konsikuwensiya sa imigrasyon. Kailangan mong itago ang mga dokumento na nagpapatunay na ikaw ay tunay na ikinasal at ebidensiya ng pabaabuso kung ang intensiyon mo ay maging mamamayan sa darating na panahon.

What Can I Do If I Am A Conditional Permanent Resident?
Ano Ang Magagawa Ko Kung Ako Ay "Conditional Permanent Resident?"

Kung ikaw ay CPR hindi na kailangan naikaw ay manatiling asawa ng umaabuso sa iyo. Puwede ka pa ring maging LPR kahit na ikaw ay dibursiyado o hiwalay sa iyong asawa. Kung kasama mo pa rin sa bahay ang asawa mong umaabuso, hindi mo kailangan ang tulong niya para makakuha ng LPR na kalagayan.
Para magkakuha ng LPR na kalagayan, kailangan magharap ng petisyon, Form I-751, sa "Immigration and Naturalization Service (INS)" sa loob ng siyamnapung araw bago matapos ang iyong dalawang taon na tarheta. Kung ikaw ay dibursiyado sa asawa, puwede mong iharap agad ang Form I-751 pagka-diborsiyo mo.

Kung naghaharap ka ng Form I-751 na walang tulong sa umaabuso sa iyo, kailangan mong iharap alinsunod sa isa sa mga nakalistang kategoriya:

- Ang pagkasal ay sinagawa ng walang masamang hangarin, pero may mabuting dahilan kung bakit tinapos ito.
- Ang pagkasal ay sinagawa ng walang masamang hangarin, pero ikaw ay naging biktima ng pagaaway ng mag-anak o malubhang kalupitan sa pagiisip.
- Malaking paghihirap sa iyo ang pagbalik sa iyong bayan na pinangalingan.

What Can I Do If I Am Undocumented Or Have Some Other Immigrant Status?
Ano Ang Aking Magagawa Kung Ako Ay Walang Dokumento O May Ibang Kalagayan Sa Imigrasyon?

Kung ikaw ay walang dokumento o may ibang kalagayan sa imigrasyon, tulad ng estudyante na galing sa ibang bansa, o bisita, at ikaw ay inabuso ng iyong asawa na mamamayan ng Estados Unidos o LPR, puwede kang makakuha ng kalagayan na LPR kahit na hindi tumulong ang iyong asawa na umaabuso sa iyo sangayon sa bagong batas na tinatawag na "Violence Against Women Act (VAWA)." Karaniwan, para maging marapat sa VAWA kailangan mong ipatunay ang mga sumusunod na bagay:

- Na ikaw at ang umabuso sa iyo ay "bona fide" (tunay) na magasawa, o dinibursiyo mo ang umabuso sa iyo sa loob ng dalawang taon dahil sa pagbugbog ng asawa mo o sobrang kalupitan.
- Na ikaw ay nakaranas ng pagaaway ng mag-anak o malubhang kalupitan sa pagiisip.at

Kung ikaw ay merong anak na hindi mamamayan ng Estados Unidos o mga LPR, sila ay puwedeng sumama sa iyong petisyon na VAWA, o kung sila ay naging biktima din ng pagaabuso, puwede silang magsimula ng sariling petisyon na VAWA. Pag napahintulutan ang iyong petisyon na VAWA puwede mo nang tapusin ang unang hakbang para maging isang LPR.